



ANG MAHARLIKANG AWIT NG PAG-IBIG

Liksyon 6 para sa ika-11 ng Mayo, 2019

INTRO: May maling Griegong ideya na lumaganap sa Kristianismo mula ng pasimula: na ang ating pisikal na bahagi ay likas na masama at ang ating espiritwal na bahagi ay likas na mabuti. Bunga nito, ang turing sa sekswalidad ay kasalanan. Pag-aralan nating muli ang ating liksyon upang makita natin kung ano ang sinasabi ng Biblia.

A Paano ipahayag ang ating pag-ibig:

❖ Pisikal at espiritwal na pag-ibig.

- [Bakit sa tingin nyo ay sinali sa Kasulatan ang Awit ni Solomon?](#)
- Sa Biblia, ang pisikal at espiritwal ay di-mapaghihiwalay (Genesis 2:7). Ang kabanalan ay hindi salungat sa sekswalidad. Ang malusog na buhay sekswal ay hindi hadlang sa isang may asawa na magtalaga sa Dios sa katawan at espiritu.
- Sinalaysay na may kapayakan ng Awit ni Solomon ang pisikal na relasyon. Paa, pusod, suso, halik, karinyu... Ginawa lahat iyon ng Dios para sa pisikal na kaligayahan ng mag-asawa (5:10-16; 7:1-9).

❖ Pag-ibig at pagkakaibigan.

- [Bakit mahalagang pundasyon sa anumang relasyon ang pagkakaibigan?](#) (Awit ni Solomon 5:16)
- [Paano inaalagaan ang pagkakaibigan?](#)
- [Bakit mahalaga na kilalanin natin na bawat aspeto ng ating buhay ay kaloob mula sa ating mapagmahal na Manlalalang?](#)

❖ Ang pisikal na pagpapahayag ng pag-ibig.

- Hinimok ng Dios sina Adan at Eba na maging “isang katawan” sa Hardin ng Eden. Sa metaporang ito mula sa Awit ni

Solomon, ang katawan ng mag-asawa ay nagiging hardin na ikakalugod nila.

- Ang pinakamadalas na pahayag upang tukuyin ang matalik na relasyon sa Biblia ay “kilalanin” (Genesis. 4:1, 17, 25; 1 Samuel 1:19; 1 Kings 1:4; Luke 1:34).
- [Bakit mahalagang ipahayag ang iyong kaisipan at damdamin sa iyong minamahal?](#)

B Paano panatiliin ang pag-ibig:

❖ Pag-ibig na naghihintay.

- Sa Awit ni Solomon, ang ideal sa lalaki at babae ay manatiling birhen ("binakurang hardin") hanggang sila’y ikasal.
- [Bakit mahalaga na maghintay hanggang maikasal bago pumasok sa sekswal na relasyon?](#)
- [Anong maipapayo mo sa isang kaibigan na nagsisisi sa hindi napapanahong pagpasok sa sekswal na relasyon?](#)

❖ Mga hangganan ng pag-ibig.

- Sinira ng kasalanan ang sekswal na ugnayan. Kaya naglagay ng limitasyon ang Dios sa pagtatalik. Tinukoy Niya kung ano ang tama at ano ang mali (Levitico 20:7-21; Roma 1:24-27).
- Pangangalunya, pakikipagrelasyon sa kapamilya, pakikipagrelasyon sa kapwa babae o lalaki, pakikipagrelasyon sa hayop, at iba pang hindi katanggaptanggap ng mga gawain ay tinuturing na kasalanan sa Biblia.

PASYA: Kaibigan, hinihimok tayo na tanggapin na ang ating katawan at sekswalidad ay pag-aari ng Dios. Dapat gamitin natin ito ayon sa plano ng Dios—at sa Kanyang tulong. Ito rin ba ang inyong pasya?

NEXT WEEK: Mga Susi sa Pagkaakisa ng Pamilya